Paghahanap ng Halaga ng Buwis (tax rate)

Mga paraan para sa Buwis ng pagbenta batay o ayun sa kung saan patutungo o ipadadala ang pinamili

PAGBABAGO NG BUWIS NG PAGBENTA ISASAKATUPARAN SA HULYO 1, 2008,
PARA SA MGA KARGAMENTO (SHIPMENT) AT MGA PAGPAPADALA

Mabilis at madaling paghahanap ng mga halaga ng buwis ng pagbenta (sales tax rates)

Ang Tax Rate Lookup (paghahanap ng halaga ng buwis) na pamamaraan, ay maaaring makuha sa aming website sa **http://taxrates.dor.wa.gov**. Ito ay tutulong sa iyo na hanapin ang mga halaga ng buwis (tax rates) at mga takdang bilang ng lugar (location code) para sa mga lugar sa Washington State. Ito ay may katangian tulad ng sa calculator (gamit sa pagkakalkula ng bilang) na maaring magkalkula ng halaga ng pakakautang sa buwis at ang kabuuan na dapat bayaran para sa kahit na anong binenta at magbibigay ng isang bilang ng pagpapatunay (confirmation code). Magagamit mo rin ang paraan sa pagtingin o paghahanap (lookup) ng address, mapa, o latitude/longitude (lawak/longhitude) upang makita kung ang isang lugar ay nasa loob o labas ng isang Regional Transit Authority abot sa hangganan nito (boundary), o ang lugar ay isang Public Transportation Benefit Area (pampublikong transportasyong lugar), isang Community Empowerment Zone (pagbigay kapangyarihan sa komunidad na sona), o Indian na bansa. Liban sa mapa at mga katangian ng calculator,(nagkakalkula ng bilang na kagamitan) ang pamamaraan na ito ay maaaring gamitin sa tulong ng mga handheld (nahahawakan) na mga aparato tulad ng mga PDA, Blackberries at mga cellphone.

Paano ko ito magagamit?

Mayroong iilang iba't-ibang paraan ng paghanap ng halaga ng buwis. Maaari mong hanapin sa pamamagitan ng address ng kalye, ZIP+4, mapa o latitude/longitude (lawak/longhitude).

Upang hanapin sa pamamagitan ng address ng kalye o ZIP+4:

1. Ilagay ang address ng kalye, lungsod at zip code o ZIP+4 lamang.
2. Pindutin ang "search".
3. Ang resulta ay lalabas sa ilalim ng screen (kung saan nakikita o nababasa ang mga impormasyon).

Upang hanapin sa pamamagitan ng mapa:

1. Pindutin ang Map search tab (tab o pardilya para sa paghahanap)
2. Pindutin at hilain ang kahon sa paligid ng lugar na nais mong i-pakita. Ipagpatuloy mong gawin ito hanggang matukoy mo ang lugar o lokasyon sa mapa.
3. Piliin ang "i" mula sa toolbar (kung saan makikita ang mga kagamitan) at pindutin ang eksaktong lokasyon.
4. Ang mga resulta ay lalabas sa ilalim ng pahina sa ibaba ng mapa.

Upang hanapin sa pamamagitan ng latitude/longitude (lawak/longhitude):

1. Ilagay ang latitude (lawak) sa decimal degrees (desimal na sukat).
2. Ilagay ang longtitude (longhitude) sa decimal degrees (desimal na sukat).
3. Pindutin ang "Search".
4. Ang resulta ay lalabas sa ibaba ng ika 4 na bilang ng screen.



Department of Revenue
Washington State

destinationtax.dor.wa.gov
1-800-647-7706

Kung nais magtanong tungkol sa kung saan puwedeng makuha ang dokumento sa ibang ayos o isang alternatibong pagkakaayos para sa may kapansanan sa paningin, tumawag lamang sa (360) 705-6715.

Mga gumagamit ng Teletype (TTY), pakitawagan ang 1-800-451-7985.

Inilathala sa recycled na papel (ginamit ulit).
Inihanda ng Taxpayer Services Division
TSFS0060
Abril 2008

Department of **Revenue**
Washington State

destinationtax.dor.wa.gov
1-800-647-7706